*Tula*

# Huwag Mo Akong Bigyan ng Bulaklak

**Vinci A. Beltran**


## Abstract

"Huwag Mo Akong Bigyan ng Bulaklak" is about the enlightenment of women from the truth behind the promises of romantic love. It serves as reminder to everyone that courtship, may it be precedent or within the relationship, must not be a mechanism to lure people, especially women. In the end, the poem conveys a message that it is better to be alone than to be locked up in an abusive relationship.


Huwag mo akong bigyan ng bulaklak,
Kung liligawan mo upang maging iyo,
Ituturing na parang premyong napanalunan,
Malalanta mula diyosa magiging basahan.

Huwag mo akong bigyan ng bulaklak,
Kung sa bawat pag-abot ay may kapalit
Na mga sampal, suntok, at tadyak.
Dinaig ko pa ang taong nakapiit.

Huwag mo akong bigyan ng bulaklak,
Kung isusumbat mo ito bilang kapalit
Sa danyos ng iyong pagkakasala
Na wala kang intensyog baguhin.

Huwag mo akong bigyan ng bulaklak,
Kung sabay sa pagsimoy nito'y hahalimuyak
Ang dugong umaagos mula sa aking noo
Na idinulot ng pagkakalulong mo sa bisyo.

Huwag mo akong bigyan ng bulaklak,
Kung sa bawat pagbilang ng talulot
Ay pagbilang rin ng mahahapding salita;
Mga mura na isinasaksak ng iyong dila.

Huwag mo akong bigyan ng bulaklak.
Hindi 'yan sapat sa lahat ng pasakit.
Hindi 'yan tatapat sa pagmamahal at respeto.
Hindi 'yan ang kailangan ko.